# Apat na Tula ng Tag-ani

*Bernardo "Buboy" O. Aguay, Jr.*
*bernardwaters777@gmail.com*

## Darating din ang tag-ani

Ihanda ang gata, asyab, at karit
Maging ang kalawangi't mapupurol
Hahasain na lamang sila ng dayami
Sa pagsanggot nang paulit-ulit
Sa tangkay ng mga gintong butil
Na pinanabikang maging atin
Samantalang tayo ang nagpagal
Mula bukang-liwayway hanggang takipsilim.

## Manggagawa ang nagtatayo ng mga sementadong pedestal

abala ang mga litid at bisig ng dalawang mason
habang ang kanilang pawis na tagaktak
sa kanilang katawan ay ngising-ngisi ang amo—
paalala niya sa sariling hindi pa ang mga ito uhaw
dahil sagana ang bukal ng tubig sa mabutong katawan.

may dedlayn bago mag alas singko
kailangan buo na ang nitso.
doon ililibing ang sarili nilang katawan
kasama ng kanilang paleta
dahil sila rin daw ang magsasara ng nitso.
habang kinakapos ng hininga,
ng hangin ang dalawa sa loob
ay nagkaroon ng salu-salo sa ibabaw ng nitso.
Nagbasag pa sila ng isang boteng alak sa sahig.
swerte daw ito.

napapatid na ang hininga
ng dalawang buhay pa'y inilibing na nila,
buti na lang at may tumagas
sa malambot pang semento
mula sa nabasag na bote ng alak
at pumatak ang mga ito
sa nakaabang na mga bibig ng dalawang mason.

at nalasahan nila ang semento
at ispiritu ng alak. Naalala nila,
kailanman ay hindi sila nalasing,
totoo lahat ang nagdaang hirap.
kaya habang nagsasaya sila sa ibabaw ng nitso,

binuwag ng dalawa ang kanilang kulungan
at mula sa hukay umahon silang may tatag na taglay.
walang kamalay-malay ang mga lasing sa yaman
unti-unti nang nabibitak ang nitsong kinatutuntungan.

## Ka Labaw

Traktura, nakatutulig na tunog
at ruwedang sumugat ng tumana.
Sakay ng trak si Kalakian,
kalawangin na ang talim ng araro
at binubokbok na ang pamaba.
Di na amoy tae ng kalabaw
ang putik ng uma at ang mga uhay ng palay
nangamoy na ng pulbura.
Kakamkamin nila ang bunga ng pagal
Limot ang hantungan,
mga pantay na paang nasa hukay
ni Ka Labaw.

## Sa tagumpay

Wala akong tangang armas sa panahon ng tag-ani
kundi itong dating kalawanging karit na pinatalas ng dayami.

Wala akong tangang rangya para lumikha
ng grandyosong tunog pagdatal ng tagumpay
kundi itong dating kalawanging martilyong dadagundong
na pinakintab ng kahirapan.

Sa araw na iyon walang gintong mananaig,
ni pulpito'y walang bisang ihahasik
dahil tanging boses na siyang papakingga't maririnig
ay tala ng masang kasaysayang nasa dibdib.

Sa araw ding iyon sisilay na ang ngiti
sa mga ugatang bisig, mga binting nagpuputik
tag-ani'y kanilang-kanila na di na muli palulupig.

*Si **Bernardo O. Aguay Jr.** a.k.a. **Buboy Aguay** ay isang manunulat, artista, at direktor ng tanghalan na tubong San Roque, Calabanga, Cam. Sur. Nagsimula ang kanyang pakikilahok sa ganitong gawain noong 1988 nang maisulat niya ang dulang Mga Mumunting Yagit ng Lipunan na kanya ring dinirehe at isa sa mga nagsiganap at naitanghal ito sa siyam na lugar sa Cam. Sur. Ginawaran din siya ng Carlos Palanca Memorial Awards for Literature 2011, Dulang May Isang Yugto, "POSPORO" Third Prize Winner, 2011; NCCA Writers Prize, Drama Category- Bikol, 2017; naging fellow ng UP National Writers Workshop at nagkamit ng Gawad Parangal sa Alagad ng Sining, 2020. Kasalukuyan siyang nagtuturo sa Camarines Sur National High School, Lungsod ng Naga at nakaupo bilang miyembro ng National Committee on Dramatic Arts ng National Commission for Culture and the Arts.*